# Ang pagkatumba o pagkabagsak ay maaaring maging sanhi ng pagkaalog ng utak o kongkusyon.

Ang kongkusyon o pagkaalog ng utak ay isang pinsala sa ulo na bunga ng malakas na salpok o tama sa ulo, leeg, o katawan; nagiging sanhi ng mabilis na paggalaw ng utak sa loob ng bungo.

Ang bawat kongkusyon o pagkaalog ng utak ay may partikular na katangian. May iba't ibang mga palatandaan at sintomas ang bawat kongkusyon o pagkaalog ng utak.

Hindi mo kailangang mahimatay para magkaroon ng kongkusyon.

## Mga Palatandaan at Sintomas:



- nakahiga at hindi kumikilos
- mabagal bumangon
- pagod at antukin



- natitisod
- mahina ang balanse



- nahihilo
- masakit ang ulo



- pagbabago sa paningin
- pagkalito
- hirap makapokus

**humingi kaagad ng pangangalagang/pangangailangang medikal**



- masakit ang leeg
- matinding sakit ng ulo
- dobleng bisyon o paningin



- pagsusuka



- pagkawala ng malay
- biglaang pangangatog ng katawan



- matinding pagkabalisa

**Ang mga palatandaan at sintomas ng kongkusyon ay karaniwang naglalaho sa loob ng 4 na linggo.**

Kung ikaw ay nahulog o natumba, posible itong magresulta ng kongkusyon kahit pa hindi ka nagkaroon ng tama sa ulo. Posibleng hindi mo namalayan na ikaw pala ay nagkaroon ng kongkusyon sa oras na iyon. Ang mga palantandaan at sintomas ng kongkusyon ay maaaring tumagal ng ilang araw bago ito lumabas. Kumonsulta kaagad sa doktor o kaya ay ipagbigay alam sa iyong kakilala kung hindi maganda ang iyong pakiramdam.

www.connectivity.org.au
© Connectivity 2023

Connectivity
Traumatic Brain Injury Australia